

BONTOC DECLARATION

Isang Pahayag ng Pangangalaga at Sagradong Pananagutan (Pagkilala sa Karapatan ng Kalikasan at Pangangalaga ng Lupaing Ninuno)

Kami, mga kinatawan ng mga Katutubong Komunidad mula sa iba't-ibang panig ng Pilipinas [Pangalan ng Katutubong Grupo/Komunidad], ay nagpapahayag ng taimtim na Pagtatalaga upang tuparin ang sagradong tungkuling ipinagkatiwala sa amin ng aming mga ninuno, ang pagprotekta at pangangalaga sa ating inang kalikasan at at lupaing ninuno.

Kinikilala namin na ang kalikasan ay ugnayan ng buhay na nakikita at di nakikita (lupa, hangin, tubig, apoy) ay may espirito at nagsisilbing pundasyon ng buhay at hindi lang mapagkukunan ng pangangailangan ng tao na dapat abusuhin, kundi isang buhay na kaisa namin na nararapat igalang, alagaan, at bigyan ng legal na proteksyon. Ang aming lupaing ninuno kasama ang mga ilog, bundok, dagat, kagubatan, at lahat ng anyo ng buhay ay sagrado at magkakaugnay. Sa pamamagitan ng Pagtatalagang ito, aming pinararangalan ang aming espiritwal na ugnayan sa kalikasan at igiit ang aming mga karapatan at pananagutan bilang tagapangalaga ng aming teritoryo. Nangangako kami na titiyakin ang kalusugan at kapakanan ng mga susunod na henerasyon ng buong sa pamamagitan ng pagpapanatili ng ekolohikal na balanse at patuloy na pagpapalakas ng aming kultura, paniniwala, at tradisyon.

Ang Aming Pangako

1. Pagtaguyod at Pagtanggol sa Karapatan ng Kalikasan

Pinagtitiyag namin na ang kalikasan ay may karapatang umiral, umunlad, at muling mabuhay. Magsasagawa kami ng mga hakbang upang protektahan ang lahat ng ekosistema sa aming lupain mula sa pagkasira, kontaminasyon, at pagsasamantala. Maglulunsad kami ng kampanyang edukasyon at impormasyon sa aming komunidad hinggil sa karapatan ng kalikasan at magsusulong ng inisyatibang ito sa antas ng barangay, munisipyo, at lalawigan, sa pamamagitan ng resolusyon o ordinansa. Ang adbokasiya at promosyon ay palalawakin din sa mga Diyosesis at iba pang sektor ng relihiyon o pananampalataya.

2. Pangangalaga ng Lupaing Ninuno

Nangangako kami na iingat ang integridad ng aming katutubong lupain, mga ilog, at sagradong lugar. Walang proyekto sa ngalan ng pag-unlad, o anumang aktibidad ang dapat isakatuparan nang walang tunay na Malaya, Pauna, at May Kaalamang Pahintulot (FPIC), alinsunod sa aming kaugalian at sa mga probisyon ng Indigenous Peoples Rights Act.

3.Pagsasagawa ng Katutubong Pangangalaga

Kami ay magpupunyagi na panatilihin, buhayin, at palakasin ang aming sistema ng katutubong kaalaman at mga gawi, na ipinasa sa amin ng aming mga ninuno sa loob ng maraming henerasyon. Nangangako rin kami na patatagin ang aming sariling organisasyon ng katutubong mamamayan at bigyang-kakayahan ang mga susunod na henerasyon upang maipagpatuloy ang aming pananaw sa mundo nang may lakas at dangal.

4.Pagtutol sa Panganib na Dulot sa Kalikasan at Krisis Pang-Klima

Kami ay magkakaisa laban sa lahat ng anyo ng pagkasira sa kalikasan tulad ng mga gawaing labas sa tradisyon ng katutubo, pagkalbo ng kagubatan, pagmimina, polusyon, at pagbago sa gamit at pangangamkam ng lupa—mga banta sa aming pamumuhay at sa kinabukasan ng aming mga anak. Aktibo rin kaming makikilahok sa pagsusulong ng siyensyang mamamayan (citizen science) upang makibahagi sa pananaliksik at pagmamatyag sa kapaligiran na may direktang epekto sa aming lupain at kabuhatan. Sa pamamagitan ng siyensyang mamamayan (citizen science), makikilala at maisasama ang aming sistema ng katutubong kaalaman sa mga pamamaraang pang-agham, na magpapalakas ng respeto at pakikipagtulungan sa isa't isa.

5. Pagpapalakas ng Katutubong Istrukturang Politikang at Malayang Pagpapasya

Kami ay naninindigan na palalakasin at pauunlarin ang katutubong istrukturang politikal na may pananagutan, bukas at inklusibong pakikilahok ng komunidad. Naniniwala kami na ang malayang pagpapasya ay mag puwang at ambag sa Lipunan at pangangalaga ng kalikasan.

6. Pangangalaga sa Sagradong mga Lugar

Nangangako kami na igagalang at poprotektahan ang aming sagradong bundok, ilog, bukal, kagubatan, libingan, at mga ritwal na lugar mula sa paninira at komodipikasyon. Kami ay naninindigan upang palalimin ang aming pag-unawa at koneksyon sa mga sagradong espasyong ito at panatilihin ang mga ito para sa hinaharap na henerasyon.

6. Pangangalaga sa mga Tagapagtanggol ng Kalikasan

Ipinapahayag namin ang aming buong puso at matibay na dedikasyon upang ipagtanggol ang mga tagapagtanggol ng kalikasan at mga komunidad na lumalaban sa kawalang-katarungan, pagkasira ng ekolohiya, at pagsasamantala.

Sa huli, kinikilala namin ang pangangailangan ng agarang pagkilos dahil sa tumintinding krisis ng pagkawala ng samut-saring buhay, polusyon, at pagbabago ng klima, kung kaya ngayon, mula dito, kami ay masikhay na tataya at kikilos upang palakasin ang aming komunidad at orgnisasyon, igiit ang aming mga karapatan at angkinin ang aming

responsibilidad na pangalagaan ang bawat isa at iba pang nilalalang, na naaayon sa aming kultura, paniniwala at prinsipyo.

Mga Panawagan:

Kami ay nananawagan sa:

- Mga ahensya ng gobyerno gaya ng NCIP na kilalanin ang karapatan ng katutubong mamayan, partikular ang karapatan sa lupaing ninuno, karapatan sa sariling pamamahala, sa pagkakamit ng katarungang panlipunan at karapatang pantao, at karapatan sa katutubong paniniwala, pagkakakilanlan at kultura
- Mga mambabatas na ipasa ang Rights of Nature Bill na may maayos na implementasyon at isulong ang batas na may pagkiling sa kalikasan kasama ang pagpapatupad nito at higit sa lahat upang palakasin ang implementasyon ng IPRA.
- Mga organisasyong panlipunan, lalo na ang mga nasa gawaing nagtatanggol sa kapaligiran ay patuloy na makipagtulungan sa mga lokal at katutubong komunidad upang itaguyod at isulong ang mga aksyon para sa pangangalaga ng kalikasan, partikular ang mga karapatan ng Inang Kalikasan.
- Lahat ng lider sa gobyerno, organisasyon, lalo na ang mga kabataan na kumilos para sa pangangalaga at pagtataguyod ng mga karapatan ng kalikasan at karapatan ng mga katutubong mamamayan at magdeklara ng agarang tugon at solusyon sa krisis pangklima.
- Para sa mga mamamayan, na mamuhay na kaisa ang kalikasan at isabuhay ang isang payak na pamumuhay na hindi nakakapinsala sa kalikasan, pati na rin ang pagsasagawa ng mga pang araw-araw na hakbanbg upang mapangalagaan ito.
- Lokal na Gobyerno at iba pang ahensya ng gobyerno sa pagpapalano na kilalanin ang mga Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR) bilang tunay na boses ng katutubong pamayanan at inang kalikasan. Nararapat na maglaan ng angkop na pondo at suporta upang higit na magampanan ang kanyang mandato ayun sa batas.

Signatories:

Pangalan	Katutubong Pangkat/ Tribu	Lagda
Leticia L. Datunata	Zambangian/DJG	Leticia L. Datunata
JONATHAN, TRIBU	ATTO	Jonathan
DEL UNAD JR.	OBU MANUVU	Del Unad Jr.
Jonathan T Camaniso	Itanong maghat Bukidnon	Jonathan T Camaniso
ABEL BERTU	IPAYNON Bukidnon	ABEL BERTU
Jonas T Amad	OBU MANOBU TRIBE	Jonas T Amad
Rafe D. Laluma	Panay Bukidnon	Rafe D. Laluma

SYLWEN C. DIOPELO	BUKIDNON	
OSCAR M. SHATTAN	MANGATUNG TRIBE	
Adelina Tarino		
Anita M. Paj	Higaonon Tribe	
Ronalyn Butil	Kankana-ey (Bauko)	
Amani Tardulan	Pelawan Tribe	
VERONE A. MOMBEL	AYANGARI TRIBE	
RICA D. TORRES	Ayta MagIndi	
SA. ANITA B. TAYNANSPAS	Kalanguya	
Alvin Vallangca	Ayta	
VICTOR M. B. LUMI	Interno	
DANNY MORADA TIBAY	HANUNO	
M. Clara R. Dulas	Dumagat / Remontado	
Francisca San Pablo	Dumagat / Remontado	
MARCOS M. LIBUDAN	BUHID / MANGYAN MISSION	
EDDIE E. WACAP	GRATON TRIBE	
Ric L. FUGOSO	Hanunuo - o	
Rodrigo C. Rodrig	Tagbanwa	
Apolonio N. Dulawan	Kalanguya	
MELISA THERESE M. SAPPOY	Tunali / Ayangan	
Welan Gayadan	Iraya	
Romel Rivera	Magbukon	
Ernie T. Quera	Tribe Tadyawan OR. Mandar	
JOHARD S. LOQUINTO	HIGANON	
NENA U. LUMANDONG	PASAKE	
Princess B. Lanza	LOKET	
Rebecca L. Lumbao	Kankanaey & Ibaluy	
Arline Paia Santiago	Tagakulu / Tagakanlo	
MARITES T. GONZALO	ATA DSIS	
Josephine Vilez	IPA - Mandaya, J. O. C.	
Martene N. Tana	SUBANEN - MIS. OCC.	
Nelma G. Somson	Beybo Tribe	
Cecilia L. Vinas	Bukin, Bunguet	
Juana T. Doming	Akeanon - Bukidnon	
Aithia Jane Noldera	apalai, aygada	
Mania Linda Theresa	Tunali / Ayangan	
Velasco, Joven J. C. D.	MAMBOYA - DAVID OR.	
MABANDAM - PETER D.	ECIP - NC	
MENDOZA, MILET B.	IPA - CDO	
FR. JOSE SABULA, SJ	KIN - Malyby City	
Maia Easterline S. Cam	PAULIP	
Juan Eric R. Santos	PHILINCON	
REBECCA T. BARRAS	PMPI	
MARIO E. MADERAZO	PMPI	
YOLANDA R. ESCOBAR	ECIP	
TONY ABUN	PMPI	
Arjay Barrios	PMPI	
CARSON MORALES	PMPI	